**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OFFICE**
**PRESIDENTIAL NEWS DESK**
**REF: DIR. ROBERTZON F. RAMIREZ**

# SPEECH BY PRESIDENT FERDINAND R. MARCOS JR. AT THE INAUGURATION OF THE SOROSORO IBABA DEVELOPMENT COOPERATIVE (SIDC) GRAINS TERMINAL AND TRADING PROJECT

[Delivered in Barangay Simlong, Batangas City | 13 March 2025]

Thank you very much, Agriculture Secretary, Secretary Kiko Laurel -- *[Please be seated.]* – Kiko Laurel, for your kind introduction.

Special Assistant to the President, Secretary Anton Lagdameo; Batangas 5th District Representative Mario Vittorio Mariño; Batangas City Mayor Beverly Rose Dimacuha- Mariño; the Sorosoro Ibaba Development Cooperative or SIDC Chairman Dr. Angelito Bagui and CEO Rico Geron; World Bank Senior Agriculture Economist Ms. Mio Takada; stakeholders and members of the Cooperative; my fellow workers in government; distinguished guests; ladies and gentlemen, magandang umaga po sa inyong lahat.

Ngayong araw na ito, ikinararangal ko na pasinayaan ang Sorosoro Ibaba *Development Cooperative* o SIDC *Grains Terminal and Trading Project.*

Sa pakikipag-ugnayan ng SIDC at Batangas City *local government*, kasama ang Department of Agriculture-*Philippine Rural Development Project*, isang mahalagang proyekto ang naisakatuparan natin.

Nakita ng lokal na pamahalaan ng Batangas at ng DA na may kakulangan tayo sa suplay ng mga *feeds*.

Ang kooperatibang kasama naman nito ay gumagawa na ng feeds mula pa noong 1987.

Kaya naman, minabuti nating makipagtulungan sa SIDC upang matugunan ang kakulangan sa suplay natin na pakain o feeds.

Sa tulong ng DA at World Bank, nakapagpatayo tayo at ang SIDC ng higit 270 milyong pisong pasilidad.

Ito pong *feed mill facility* na ito ay may dalawang *silo* na may kabuuang kapasidad na 12,000 metriko tonelada ng mais.

Katumbas ito ng 480,000 sako ng pakain para sa higit [100,000] baboy o kaya naman ay halos 600,000 manok.

Sa pamamagitan nito, mas magiging maayos ang pag-iimbak ng ating mais. Mas magiging matibay ang ating suporta sa industriya ng *poultry* at saka ng *livestock*. At higit sa lahat, magkakaroon ng katiyakan ng kita ang ating mga magsasaka at ang ating mga negosyante—hindi lamang dito sa Batangas, kundi sa buong CALABARZON.

Talagang masasabi ko na ang SIDC ay isang modelo ng kaunlaran. Pinatunayan nito na kayang-kaya ng mga kooperatiba na makipagsabayan sa mga malalaking negosyo at magpatayo ng mga malaking pasilidad.

I extend my own personal congratulations being a great supporter of the cooperative movement. SIDC is one of our models at examples of how *[applause]* a cooperative should be run, how a cooperative helps its members, and how a cooperative helps the industry.

Kaya naman po lahat – ang una sa lahat ng aming mga polisiya sa DA, sa pamahalaan, one of our first – the first elements of everything that we do is to consolidate and organize all our farmers into cooperatives, farmers groups, all kinds of organizations.

Kasi kapag iisa lang – lagi kong sinasabi ito mula pa noong ako'y nagsimula sa serbisyo-publiko – kapag ang isang tao lang – if you are only one person, you have only one voice. You build a cooperative. A cooperative that is working well together, that is managed well, such as SIDC, and you will find na palaki nang palaki ang boses ng ating mga magsasaka, ng ating mga mangingisda kapag ang kooperatiba natin ay matibay at buo ang suporta na natatanggap nila galing sa pamahalaan. *[applause]*

Kung nagawa ito ng SIDC, nakakatiyak din ako na magagawa rin ito ng iba pang mga kooperatiba sa bansa.

Kaya nananawagan po ako: Mas patatagin pa natin ang ugnayan sa pagitan ng pamahalaan at sa pribadong sektor kasama ang ating mga magsasaka.

Dahil sa ating pagsasanib-pwersa, nakita natin na posible palang na [marating ang] hangarin natin [na] mas matulungan pa ang ating mga kababayan. Nakita rin natin na kaya pa natin magbigay ng oportunidad sa ating mga magsasaka upang maabot ang kanilang mga pangarap.

Lagi po ninyong tandaan na kami sa pamahalaan ay walang tigil sa pagbibigay ng suporta sa inyong mga pangangailangan upang mapabuti ang sektor – mapabuti, mapatibay, mapalakas, at mapalaki ang sektor ng agrikultura.

Kaya inatasan ko ang DA na makipag-ugnayan sa CDA, *Cooperative Development Authority,* para patibayin, palakasin ang mga kooperatiba ng ating mga magsasaka. Gaya ng SIDC, tutulungan natin ang mga kooperatibang ito *[applause]* upang magkaroon ng mga makabagong makinarya [at] mga *post-harvest facilities* upang mapataas ang kanilang ani at ang kanilang kita.

Plano rin ng pamahalaan na maglaan ng pondo para sa mga *dryers*, mga *silos*, *warehouses*, *rice* at *corn mills*, at iba pang mga kagamitang agrikultura. Dahil dito, mababawasan ang nasasayang na bigas at mais, mapapababa natin ang presyo ng pagkain, at mas magiging produktibo ang ating mga magsasaka.

Paiigtingin din po natin ang mga proyektong magpapabuti sa irigasyon at patubig na gagamitin sa mga pump stations para sa mas matipid at epektibong daloy ng tubig sa mga bukirin.

Ilan lamang po ito sa mga ginagawa ng pamahalaan na para sa ating mga magsasaka. Tinitiyak po natin sa inyo na gagawin namin ang lahat upang matupad ang mga ito.

Palalawakin pa natin ang mga programa na ito. *[applause]* Ipapabuti natin at ipapataas ang ating produksyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng mas epektibong makabagong teknolohiya.

Titiyakin natin na abot-kamay ang lahat ng suporta upang mapabilis at mapadali ang pagdadala ng kanilang ani sa merkado.

Mga kababayan, ating alalahanin na ang Bagong Pilipino ay parang isang masikap na magsasaka. Siya ay may disiplina, may husay, [at] may pagmamahal sa bayang kanyang pinapalago.

Patuloy tayong magsikap, patuloy tayong magtulungan, at magsulong para sa pag-unlad ng Bagong Pilipinas!

Maraming salamat po at mabuhay ang Bagong Pilipinas!

Mabuhay po tayong lahat! Magandang umaga po sa inyo. *[applause]*

**--- END ---**